إله أم الله؟

DIYOS O ALLAH?

Ayon sa paniniwalang Islam, ang mensahe hinggil sa lubos na kaisahan ng Diyos ay siyang diwa ng lahat ng relihiyon sa pangkalahatan at lalung-lalo na ng Islam. Bilang panghuling rebelasyon, hindi kailanman hinamon ng Islam ang pagkakaroon o ang katotohanan ng mga naunang Propeta. Bilang karagdagan, hindi kailanman itinuring ng mga Muslim ang Diyos na tinutukoy sa Luma at Bagong Tipan bilang iba kay Allah, ang Banal na Tagapaglikha ng sanlibutan. Ang mga usapan hinggil sa "ating Diyos" at "sa kanilang Diyos" ay lubos na walang saysay sa tunay na monoteistikong pananaw. Ang Allah ay hindi kailangang ipagpaligsahan sa iba pang Diyos sapagkat Siya ang tinutukoy na Diyos na nagligtas sa mga anak ng Israel mula sa Paraon, ang Siya ring Diyos na nagbigay-inspirasyon kay David sa kanyang mga Salmo-Awit, at Siya ring Diyos na tinutukoy ni Hesus nang kanyang sabihing: "**ang aking dokrina ay hindi sa akin kundi sa Kanya na nagpadala sa akin**." (Juan 7:16).

May mga katanungang lumilitaw hinggil sa pagkakaiba ng mga katawagan: totoo bang magkatulad ang mga katawagang Allah at Diyos? Muli, para sa mga mananampalataya ng iisang Diyos, ang puntong ito ay may kalabuan sapagkat kailangang iisa lamang ang katawagang dapat tumukoy sa Diyos. Ngunit pinatutunayan ng mga pagsusuri, na higit pa sa karaniwang paliwanag ng isang tagapagsalin, na ang mga katawagang ito ay higit na magkakatulad at maaaring magpalit-palitan. Ang salitang Semitiko na *Allah* ay ang pinaikling *Al* at *ilah* (*al*: ang at *ilah*: siyang sinasamba). Katulad din ito—sa kahulugan at ugat—ng Ebreong *Elohim* at ang Aramaic na *Alaha*. Ang kasalukuyang salitang Ingles na "*God"* ay ginagamit na bago pa ang Bibliyang King James. Ang pinagmulan nito ay batay sa *Proto-Indo-European Ghuto* na nangangahulugang: ang siyang tinatawag sa pagdarasal.